



Episcopal Commission on Clergy

Homiliya para sa *St. John Mary Vianney Sunday*

August 4, Ikalabing-walong Linggo sa Karaniwang Panahon

Ngayong ikalabing-walong Linggo sa Karaniwang Panahon ay *St. John Mary Vianney Sunday*. Inaalala natin ngayon at ipinapanalangin sa natatanging paraan ang mga Paring Diyosesano na nasa kanyang pangangalaga at pag-akay. Ipinagdadasal din natin ang mga Kabataan. Ang taong 2019 ay nakalaan para sa mga Kabataan at ito ay may temang: *Blessed, Gifted and Empowered*.

Sinabi ni Hesus sa ebanghelyo ayon kay San Juan: “Kung paanong iniibig ako ng Ama, gayon din naman, iniibig ko kayo; manatili kayo sa aking pag-ibig.” (Juan 15:9). Ang mga salitang ito na sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad ay sinasabi din sa lahat ng nais makinig, lalo na sa mga kabataan. Kasama rin dito ang mga batang pari na naglilingkod sa mga parokya at iba’t ibang institusyon. At dahil ang pag-ibig ng Diyos ay para sa lahat, ang mga salitang ito ni Hesus ay pinatutungkol din sa bawat isa sa atin. Tayong lahat ay *Blessed*, iniibig ng Diyos.

Ang pag-ibig ay nagbubunga ng pag-ibig. Ang mga kabataang isinilang at hinubog sa pag-ibig ay handang maging kapwang laan para sa iba. Silang nakaranas ng pag-ibig sa tahanan, sa pamayanan, sa paaralan o sa simbahan, na siyang silbing punlaan ng bokasyon, ay yumayakap sa buhay pagpapari, relihiyoso o kaya’y sa kabanalan ng buhay na walang asawa. Ang mga umaako sa buhay may asawa ay nagiging mabubuti ding mga magulang.

Ang pagiging puspos ng kaloob o *giftedness* ay katangiang taglay ng mga kabataan. Ang kaloob na ito ay mula sa Diyos. Ang pari ay puspos din ng kaloob. Tinanggap niya ang bokasyong ipadama ang presensya ni Kristo sa piling ng mga mananampalataya mula kay Kristong nasa kanya. “Hindi kayo ang pumili sa akin; ako ang pumili at humirang sa inyo upang kayo’y humayo at mamunga, at manatili ang inyong bunga. Sa gayon, ang anumang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan ay ipagkakaloob sa inyo.” (Juan 15,16). Ang mga kabataan at mga pari ay inaanyayahang kilalanin ang katotohanang ito. Ang lahat ay kaloob. Ang sinumang kumikilala na ang lahat ng mayroon siya, kasama na ang kanyang pagkatao, ay kaloob ng Diyos ay may kakayahang kilalanin nang tama ang lahat ng bagay. Taglay nila ang kapayapaan at pagpapaubaya sa kalooban ng Diyos sapagkat batid nilang bahala ang Diyos sa lahat ng kailangan nila at bilang tugon dito’y ipinapaubaya nila ang kanilang sarili sa Diyos. Kabaligtaran ito ng ginawa ng mayaman sa ebanghelyo na nag-imbak ng mga ani sa malalaking bodega, at nagtiwalang sobra sa mga bagay at inisip niyang hindi na siya mangangailangan kailanman. Hindi niya nabatid na ang kanyang buhay ay mawawaglit sa gabing iyon. Sa nangyari sa mayaman, nagkatotoo ang sinabi sa atin ng unang pagbasa na ang lahat ng bagay ay walang kabuluhan. Maaari nating punuin ang ating mga bodega ngunit kung ang layunin nito’y ang pagkamakasari, ito’y walang kabuluhan at kabalintunaan.

Ito ang diwa nang sabihin sa atin ni San Pablo sa kanyang sulat sa mga taga-Colossas na siyang ikalawang pagbasa ngayon: naisin kung ano ang makalangit at hindi ang makamundo. Inaanyayahan niya tayong mga bahagi ng katawan na “itakwil ninyo ang lahat ng ito: galit, poot, at sama ng loob. Iwasan na ninyo ang panunungayaw, at malaswang pananalita”. Bakit? Sapagkat ang mga ito’y walang kabuluhan. Iiwan natin ang lahat ng makamundo. Mababatid natin na wala tayong bitbit kundi Pag-ibig. Ang siyang mananatili ay ang ating pag-ibig sa Diyos at sa ating kapwa. Totoo ang kasabihang “ang tunay na kayamanan ay hindi sa dami ng iyong naiipon para sa iyong sarili kundi kung ano ang ibinahagi mo sa iyong kapwa. Ang pag-ibig ay hindi pag-ibig kung hindi ito ibinabahagi”.

Kapwa ang mga kabataan at mga pari ay pinalakas o *empowered*. Ang Espiritu Santong tinanggap sa Binyag ang siyang nagbibigay kakayahang mabuhay bilang mga anak ng Diyos. Sa ordinasyon tinanggap ng mga pari ang Espiritu Santo upang sila’y gumanap bilang si Kristo. Ang pinagmumulan ng lakas ng mga kabataan at mga pari upang paglingkuran ang bayan ng Diyos ay ang Espiritu Santo.

Dinggin natin si San Juan Ma. Vianney na patron ng mga paring Diyosesano. “Ano ang pari! Siya ang kumakatawan sa Diyos—isang taong pinuspos ng lahat ng kapangyarihan ng Diyos. Sinabi ng Panginoon sa pari: ‘Humayo ka. Kung paanong isinugo ako ng aking Ama, isinusugo kita. Lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa ay ipinagkaloob sa akin. Humayo ka kung gayon at magpahayag sa lahat ng bansa...Sinumang makinig sa inyo ay nakikinig sa akin; sinumang humamak sa inyo ay humahamak sa akin’. Kapag ang pari’y nagpapatawad ng kasalanan, hindi niya sinasabing ‘pinatatawad ka ng Diyos’ kundi ‘Pinatatawad kita’. Sa konsagrasyon, hindi niya sinasabing ‘Ito ang Kawatan ng ating Panginoon’ kundi ‘Ito ang aking Katawan’.” (*Katesismo ukol sa Pagkapari*, San Juan Ma. Vianney).

Sa ganitong paraan pinalalakas ni Kristo ang mga pari. Kung kaya’t dapat ninyong ipanalangin kaming mga pari nang aming magamit ang kapangyarihang ito upang maipadama ang presensya ni Kristo sa kanyang bayan: na kami’y makapagpatawad katulad ng pagpapatawad ni Kristo; na aming busugin ang mga mananampalataya ng Salita at Katawan ni Kristo; na maialay namin ang aming sarili para mapaglingkuran ang bayan ng Diyos katulad ng ginawa ni Kristo, at makaisa nawa namin si Kristo sa pag-aalay ng kanyang katawan at dugo para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan.

Gayundin naman, ang pagpapalakas na ito ni Kristo sa mga pari ay maari din naming abusuhin. Ito ay ang tinutukoy ni Papa Francisco bilang klerikalismo. Para sa kanya, nangyayari ang klerikalismo kapag itinuring naming mga pari ang aming sarili na mas higit kaysa sinumang Kristiyano, na kami’y katangi-tangi, na karapatan naming tumanggap ng mga pabor, na kami lamang ang mayroong alam at walang sinumang pwedeng kumwestiyon sa aming mga desisyon. Para sa amin ang klerikalismo ay pagiging kabilang sa isang makapangyarihang grupo. At kung aming maramdaman na kami’y pinupuna ay magsisimula nang magkumpulan at magtakipan.


Ano ang payo ni Papa Francisco para maiwasan ang kabalintunaanang ito? Para sa kanya, kaming mga pari ay dapat maging malapit sa mga tao, lalo na sa mga dukha at hinahamak ng lipunan. Minsan ay kanyang sinabi na kaming mga pari ay dapat na maging “kaamoy ng mga tupa”.

Sa taong ito na laan para sa mga kabataan, idalangin ninyo na kaming mga pari ay maging inspirasyon sa kanila. Makita nawa ng mga kabataan sa aming mga pari si Kristo. Mahikayat nawa silang sundan si Kristo sa pamamagitan ng mabuting halimbawa naming mga pari. At, mas dumami pa sana sa taong ito ang tumahak sa bokasyon ng pagpapari upang madama pa ng mas madaming tao ang presensya ni Kristo sa pamamagitan ng paglilingkod naming mga pari. Masundan nawa naming mga pari ang halimbawa at paggabay sa paglalaan ng sarili at pagpapakababa katulad ni San Juan Ma. Vianney.

Minamahal naming bayan ng Diyos, ipanalangin ninyo kaming inyong mga pari!

San Juan Ma. Vianney, ipanalangin mo kaming mga pari at mga kabataan.

Maria, ina naming mga pari, ipanalangin mo kami. Amen.


+ BUENAVENTURA M. FAMADICO, D.D.
Bishop of San Pablo
Chairman-Episcopal Commission on Clergy

July 31, 2019